

1

Dale kept glancing at his watch. Kalahating oras na sila sa opisina ng chancellor. Sa harap niya ay tahimik na nakaupo lang ang labing-pitong taong gulang na pamangking si Valerie.

Isa siyang practicing lawyer sa *Lagman Law Office*, isang legal office na itinayo pa ng lolo niya. Less than a year ago, he received a letter from the university's president asking him to take a teaching post. At dahil isa siyang alumnus ng *St. Theodore University* at malapit din siya sa mga Teodoro, nagpasya siyang subukan ang pagtuturo.

Kasisimula pa lang ng ikalawang semester niya sa unibersidad nang dumating sa kanya ang masamang balita. Naaksidente ang pinsan niyang babae na nakabase sa California. Kasama nitong namatay ang asawa nito samantalang nakaligtas naman ang dalagita nitong anak na si Valerie. Paula had no living relative except him. Ulilang-lubos na ito nang ampunin ng mga magulang niya. At kahit second cousin niya ang babae, they had grown close like normal siblings. Paula, to him, was his younger sister.

The news hit him hard at ilang araw ring hindi nawala sa kanyang isip ang pinsan. Hindi na siya nagulat nang sabihin ng abogado na sa kanya ipinagkatiwala ni Paula ang kaisa-isang anak nito. His heart broke when he saw his niece. He had seen Valerie as a kid. Masayahin ito at puno ng buhay.

Pero ang dalagitang naabutan niyang nagpapagaling sa ospital sa California ay mistulang shell na lang ng dating persona nito. Humihinga pero wala nang buhay. She seldom spoke, seldom smiled at madalas, nahuhuli niyang umiiyak ito.

Nang sabihin niya sa pamangkin na iuuwi niya ito sa Pilipinas, walang imik itong tumango.

Bumukas ang pinto ng opisina at pumasok ang middle-aged na babae.

“Sorry to have kept you waiting, Atty. Lagman.”

“It’s all right, Mrs. Aquino. Nasabi naman sa amin ng secretary mo na nasa meeting ka. By the way, I’d like you to meet my niece, Valerie Miller. Val, say hello to our university chancellor.”

Tumayo ang dalagita, kiming ngumiti nang abutin ng matandang babae ang kamay nito. Muli itong naupo at itinutok ang pansin sa dulo ng sapatos.

Malungkot na bumuntong-hininga ang binata.

Umupo si Mrs. Editha Aquino sa swivel chair nito at kaagad na binuklat ang nakapatong na folder sa mesa. Mabilis nitong pinasadahan ang mga papeles na naroon.

“Your academic records are very impressive, Valerie. Natutuwa ako na pinili mong ipagpatuloy ang iyong pag-aaral dito sa *St. Theodore*. I’m sure you’ll have no trouble adapting,” anito.

Tipid lang na ngumiti ang dalagita. Ni hindi ito nagkomento.

“Isang buwan na ang natapos sa current semester natin. But I’m sure kakayanin ni Valerie na makacatch up sa lessons. Pero kung gusto mo, p’wede akong mag-assign ng isang private tutor to assist her in her back lessons.”

“I’d appreciate it very much, Ma’am,” sang-ayon ni Dale.

“Very well!” Tumayo ang matandang babae. Tumayo rin silang dalawa ni Valerie. Kinamayan siya nito matapos niyang magpasalamat.

“Welcome to *St. Theodore University*, Valerie.” Muli nitong kinamayan ang dalagita na sumagot

lang ng isang mahinang 'thank you'. "If you're ready, sasamahan ko na si Valerie sa first class niya."

Sumulyap siya sa pamangkin, nagtatanong ang mga mata. Tumango lang ito. Lumabas sila ng opisina at ng building. Ang first class ni Valerie ay nasa dulong building. Madaraan nila ang al fresco snack area patungo sa Generoso Hall.

Nagtipon ang ilang estudyante sa isang pahabang mesa. Maingay na nagchi-cheer ang mga ito. The chancellor stopped for a moment. Napapalatak ito nang makita kung ano ang pinagkakaguluan ng grupo. Dalawang estudyante ang nagbubunong-braso sa mesa. May nakalagay na ilang bills sa ibabaw bilang bet.

Dale eyed the two. He'd recognize that flowing coppery curls anywhere.

"Diyos ko! Anong kalokohan na naman itong sinimulan ni Robyn?"

Sumenyas sa kanya ang chancellor na maghintay sandali. Bago pa ito makalapit sa grupo ay naitumba na ni Robyn ang braso ng kalaban. Naghiyawan ang mga nanonood. Natahimik lang ang mga ito at parang dagang nagpulasan nang tumikhim ang chancellor. Naiwan si Robyn na nakatayo at nakikinig lang sa

sermon.

Sa hitsura nito, walang magsasabing beinte-tres na ang dalaga. May pagka-boyish kasi ito bagaman sa pagkilos lang. Mahubog ang katawan nito, proportioned ang lapad ng mga balikat at balakang, tama lang din ang kipot ng baywang at ang laki ng dibdib.

She must've sense his keen scrutiny, sandali itong sumulyap sa kanila. Their eyes met briefly but enough for him to recognize the teasing glint in hers. Napailing na lamang siya.

“Sino siya, Uncle?” tanong ni Valerie. Ngayon lang ito nagtanong sa kanya mula nang mapunta ito sa poder niya. Kalimitan ay one liner lang ang isinasagot ng pamangkin sa kanya.

“Someone you wouldn't want to cross paths with. She's a notorious troublemaker. She's a bad influence.”

Nagkibit ito ng balikat. “She looks cool to me. And she's pretty.”

Pretty was an understatement. Robyn Teodoro was the manifestation of exotic beauty. Kahit hindi niya gaanong gusto ang dalaga, aminado siyang malakas ang sex appeal nito. The hairstyle went

perfect with her heart-shaped face. The blunt bangs and the wispy layers in the front made her cheeks noticeable but not pronounced. Nagbigay rin iyon ng dagdag na fierceness sa almond-shaped eyes nito, mga matang hitsurang palaging inaantok. And her lips were made for kissing, just enough fullness at the bottom to satisfy any man. The conservative uniform didn't do justice to her enticing form.

Nakita niyang dinuro ng chancellor ang dalaga. Ngumiti lang ito at nagkamot ng ulo. The older woman went back to them with a face flushed in anger.

“I swear that girl will give me a heart attack one of these days. Kung ako lang ang masusunod, matagal nang napatalsik dito ang haliparot na iyan.”

Nagkatinginan sila ni Valerie.

“Anyway, I'm sorry dahil sa gulong iyon. Halika na, Valerie.”

“Val, Honey, I have a class in about five minutes. Okay lang ba kung iiwan na kita kay Mrs. Aquino?” tanong niya sa pamangkin.

Tumango ito at tipid na ngumiti.

“I'll see you at lunch.” Hinalikan niya ito sa pisngi

at umalis na.

“Hoy, Robyn! Nagde-daydreaming ka na naman. Katatapos ka lang pagalitan ni Mrs. Aquino,” puna ni Chelsea.

Umingos lang si Robyn at muling ibinalik ang pansin sa batang professor na pabalik na sa Guardino Hall kung saan ito magkaklase. Unang araw na makita niya ito, naging permanenteng laman na ito ng kanyang mga pantasya.

“God, I’d give anything to kiss him,” parang nananaginip na sabi niya. Tumawa ang kaibigan niya.

“Naku! Iba na talaga ang tama mo diyan kay Sir Dale.”

Exaggerated na bumuntong-hininga siya. “Kung bakit kasi nang magsabog yata ng kaguwapuhan ang Diyos ay sinalo na niyang lahat. Look at him, he’s perfect!”

Dale looked immaculately clean in his attire—white polo na nakarolyo ang sleeves hanggang siko, naka-tuck in sa straight cut black jeans at pinatungan ng black blazer. Sa mga paa nito ay isang pares ng classy black shoes na ni hindi yata nadadampian

ng alikabok. He wore eyeglasses, clean-shaven ang chiseled jaw, may mababaw na cleft sa baba at matangos ang ilong. Clean cut ang raven dark hair nito.

“Guwapo rin naman si Coach Seth,” tukoy nito sa kanilang PE teacher na siya ring coach ng basketball team nila. “Bakit hindi ka nagso-swoon sa kanya nang ganyan?”

True. Kung tutuusin, mas taglay ni Seth Kallen Advincula ang mga katangiang gusto niya sa isang lalaki. Iyong rugged type na halatang sanay sa hard work at hindi takot marumihan. But for some reason, she didn't find Seth sexually appealing. Higit na bumibilis ang tibok ng puso niya kapag nakikita niya si Dale.

“Ewan ko ba, Chelsea. Iba ang dating ni Dale dito,” turo niya sa tapat ng dibdib.

“Sus! Baka dito ang ibig mong sabihin?” Tinapik nito ang kanyang puson. Tinabig niya ang kamay ng kaibigan at tinitigan ito nang matalim.

“Seryoso po ako, 'no!” reklamo niya.

“What? Huwag mong sabihing na-in love ka kay Sir Dale?”

“Bakit? Impossible ba?”

“Iyong ikaw ang ma-in love, hindi imposible. Pero’yung maging mutual ang damdamin ninyo, iyon ang malabong mangyari.”

Napabuntong-hininga siya nang malalim. Chelsea was right. Sa reputasyon niya, malabong magustuhan siya ni Dale. Who would want to associate himself with a wayward, notorious misfit like her? Certainly not a sexy-as-sin, intelligent lawyer like Dale Zachary Lagman.

May hatid na kirot sa puso ni Robyn ang kaisipang iyon. Ngunit hindi na lamang niya iyon sinabi kay Chelsea. She wouldn’t understand her anyway, no one ever did. Kahit nga ang daddy niya.

She shook her head. Tumayo ang kaibigan at inaya na siyang pumasok sa sunod nilang klase. Second year na siya sa B.S. Psychology. Pang-apat na kurso na niya iyon ngayon. She had spent three years taking up Business Administration bago niya napagpasyahang mag-shift sa B.S. Education. Nakaisang taon lang siya at nag-shift ulit, sa Chemical Engineering. Nang sumunod na school year, B.S. Psychology naman ang kinuha niya.

Alam niyang pinagpapasensyahan lang siya ng

faculty members ng *St. Theodore University*. Hindi siya magawang i-kick out at tanggihan ng mga ito dahil daddy niya ang presidente ng Board of Trustees. Idagdag pang pamangkin ito ng may-ari. Nananatili lang siya sa university dahil sa impluwensya ng pangalang taglay niya.

Nang hapong iyon, matapos ang huli niyang klase ay pumunta siya sa opisina ng chancellor. Iyon kasi ang iniutos nito nang sitahin siya kanina dahil sa pagsusugal. Wala naman itong ginawa kundi ang sermunan siya. Ni hindi nga nito itinanong kung bakit niya iyon ginawa.

Kung sabagay, wala namang maniniwalang kaya niya hinamon ng bunong-braso ang second year Engineering student na si Joven ay para mabawi mula rito ang perang inagaw nito sa isang freshmen na biktima ng pambu-bully nito. Alam kasi niyang kung outright niyang kinompronta ang binatilyo ay itatanggi lang nito ang ginawa at hindi rin isasauli ang pera.

Pero walang puwang ang mga katuwiran niya sa harap ng chancellor. Hindi na lamang siya nagsalita at hinayaang lumabas sa isang tainga ang masasakit na salitang ibinato nito sa kanya.

She was rolling her eyes nang i-dismiss siya nito.

Nakasakay na si Robyn ng elevator at pipindutin na lang ang close button nang may marinig siyang tumawag. Hinayaan niyang nakabukas ang pinto ng lift.

Dale looked utterly surprised when he saw her. Hindi nga kaagad ito sumakay at hula niya ay nag-isip pa kung sasabay sa kanya. Sa huli ay sumakay na rin ito.

Sumandal siya sa dingding ng elevator samantalang ito ay nanatiling nakatayo malapit sa pinto. He must be around six feet tall. Ni hindi pa siya umabot sa balikat nito.

Bahagya lang siyang pinansin nito samantalang siya ay hindi mapigilang lihim na sulyapan ang lalaki. Sa close confines ng lift ay amoy niya ang mabangong cologne na gamit nito, isang variant ng *Bvlgari*. Napangiti siya. Mukhang classy ang taste ng kasabay niya. Humagod mula sa malalapad nitong balikat pababa ang kanyang mga mata. Muntik na siyang mapapito. Boy, the man had a sexy butt! Isang idea ang pumasok sa isip niya. Kinuha niya ang phone sa bag, ini-on ang camera at itinutok sa puwitan nito. Lumikha ng mahinang click ang pagpindot niya ng buton.

Dale shifted his gaze on her. Salubong ang

makakapal na kilay nito.

“Did you just take a picture of me?” bagot na tanong nito.

Pangiwi siyang ngumiti. “Uhm... not a full body shot. I took a picture of your butt.”

Bahagyang umalog ang lift nang bigla iyong pahintuin ng kausap niya. Nanlilisik ang mga matang hinarap siya nito.

Sunud-sunod na lunok ang ginawa niya habang nakatingala sa binata.

“Akin na ang phone mo.” Inilahad ni Dale ang isang palad.

Idinikit nito sa dibdib ang *iPhone 5*. “Ayoko nga!”

Nag-isang linya ang bibig niya. Hinawakan niya ang kamay nito at pilit inagaw mula kay Robyn ang phone. Naningkit ang mga mata niya nang makita ang larawan. Binura niya iyon bago padaskol na ibinalik sa dalaga ang cellphone.

Nanulis ang nguso nito.

“Ang damot mo naman!” pintas nito. He whirled around again.

“Ako pa ang madamot? Lady, just because you’re privileged kaya p’wede mo nang gawin ang lahat ng gusto mo. Matuto ka namang rumespeto sa kapwa mo.”

“Geez, you’re a cranky old man! I’m just admiring your sexy butt, what’s wrong with that?”

What’s wrong? Lihim siyang napamura. Marunong ba talagang umintindi ang babaeng ito? At tinawag pa talaga siyang matanda!

“Besides, kahit naman ibandera ko ang picture sa *Facebook* o kaya sa *Instagram*, hindi naman nila malalamang puwet mo iyon!”

Kung hindi lang niya napigil, baka napahagalpak siya ng tawa. Hinayang na hinayang talaga ang hitsura nito. Tumalikod na lamang siya dahil sobrang nadi-distract na siya sa nanunulis na nguso. Oh, he would love to wipe that pout with his mouth!

Muling umandar ang lift at hanggang sa makaabot sila sa ground floor ay hindi na niya nilingon pa ang dalaga. But he could sense her intense gaze.

Lumabas siya sa elevator na namumula ang buong mukha.

2

Pagdating sa loob ng kanyang cubicle ay padabog na umupo si Dale sa swivel chair. Daig pa niya ang tumakbo nang ilang milya. Ang bilis ng kabog ng dibdib niya. At ang init ng kanyang pakiramdam. Pamilyar siya sa init na iyon. It was the kind that fed his libido, made his inner fire blaze. Hindi siya dapat makaramdam ng ganoong init sa kahit sinong estudyante, lalung-lalo na kay Robyn. Isa iyon sa regulations ng eskuwelahan.

Lumabas siya sa cubicle at kumuha ng malamig na tubig sa water dispenser. Nakaubos na siya ng isang baso, pero mukhang kulang pa. Tuyung-tuyo ang lalamunan niya. The little vixen must've bewitched him!

Nang lumipas ang abnormal niyang pakiramdam ay saka lang siya lumabas ng building. Tamang-tama lang dahil patapos na ang huling klase ni Valerie. Sabay na silang uuwi.

Nakapuwesto ito sa isa sa mga wooden tables sa snack area nang makita niya. Nakamasid lang ito sa nagdaraang mga estudyante.

She looked like her mother. Tanging ang asul na kulay ng mga mata ang namana nito sa Amerikanong ama. Neneng-nene pa itong tingnan kahit isinilang ito at lumaki sa isang bansang liberated ang pananaw sa lahat ng bagay. She was too sheltered by her parents. Masyado itong inosente. And he was scared as hell. Wala siyang ideya kung paano ito aalagaan.

Kumaway si Valerie at ngumiti nang makita siya. At least, malapit ang loob nito sa kanya.

“Kanina ka pa naghihintay?” Umiling ito. “Do you want to eat?”

“Gusto ko ng pizza,” sagot nito. Malapad siyang ngumiti at pinisil pa ang baba nito.

“Then we’ll order pizza. Let’s go.”

Bitbit ang knapsack ay nakakapit pa ito sa isang braso niya habang patungo sila sa parking lot.

“How was your first day?” tanong niya.

“Fine,” tipid na sagot nito.

Nakalabas na sila ng school gate nang may matanaw si Valerie.

“Di ba si Robyn iyon?” turo nito sa pigurang nakaupo sa waiting shed at naghihintay ng

masasakyang tricycle. "Uncle, let's give her a lift."

"Val..."

"Look, wala ni isang tricycle sa terminal. And it's rush hour. Mahihirapan siyang makakuha ng masasakyan."

Sinulyapan niya ang pamangkin. Naroon ang pakiusap sa mga mata nito. Napaungol siya.

"All right! Pero una't huli na ito, ha?"

Nagliwanag ang mukha nito, kahit ang mga mata ay nagningning nang ngumiti.

Nag-U-turn siya at huminto sa tapat ni Robyn. Ang akala niya ay ibababa lang ni Valerie ang salamin. Pero binuksan pa nito ang pinto at nilapitan ang dalaga.

"Hi! Ako si Valerie. Sabay ka na sa amin."

Pangiwing ngumiti ang dalaga sa biglang pagsulpot ng pamangkin niya. Sumilip ito sa loob ng kotse. Rumehistro ang pagkabigla sa mukha nito nang makilala siya.

"Uhm... are you sure okay lang sa kasama mo?"

"Okay lang kay Uncle. Halika na!"

Nahilot ni Dale ang sintido nang halos hilahin ni Valerie ang dalaga at isakay sa back seat. He was quickly overcome by her sweet feminine scent.

“Let’s go, Uncle. I’m hungry,” sabi ni Valerie. Sandaling nagtama ang mga mata nila ni Robyn sa rearview mirror. She was also clueless. “Do you like pizza?” excited na tanong nito sa babae.

Muli itong napasulyap sa kanya.

“Y-yes. Favorite ko ang Belly Buster ng *Shakey’s*.”

“Talaga? Pareho pala tayo. We’re going to eat pizza. Gusto mong sumama?”

“A-ano kasi, m-may gagawin pa ako sa bahay. Kailangan ko nang umuwi.”

Lumungkot ang anyo ng dalagita. She sulked on her seat at itinuon na ang pansin sa labas ng bintana.

“You know what? P’wede ko namang gawin ’yung trabaho ko sa ibang araw.”

Valerie almost jumped from her seat. Para itong isang toddler na excited na nilingon ang kausap.

Hindi na gusto ni Dale ang inaakto nito. She was totally captivated with Robyn. Ano ang nakita nito sa dalaga para mahulog kaagad ang loob nito?

Katulad ng ipinangako niya ay dinala niya ang dalawa sa *Shakey's*. Dahil alanganin na rin ang oras para sa merienda, um-order na rin siya ng pasta at fried chicken kasama ng pizza. Maganang kumain ang dalawang babae.

Halos dominated ni Valerie ang conversation. At palagi na'y natutuwa ito kapag may particular na hilig si Robyn na hilig din nito. Kahit natutuwa siyang makitang masaya ang pamangkin, hindi pa rin nagbabago ang kagustuhan niyang iiwas ito sa estudyanteng numero unong troublemaker.

Pagkatapos kumain ay inihatid na nila ang dalaga. Nakatira ito sa isang exclusive subdivision at halos kasing-laki ng ancestral mansion nila sa Batangas ang bahay nito.

“Ang cool naman ni Robyn. Don't you think so, Uncle?”

Nasa bahay na sila at kapapasok lang sa sala.

“Val...” Hindi niya malaman kung paano uumpisahan ang balak na sabihin. Inakay niya paupo sa sofa ang pamangkin. “Remember what I told you earlier about Robyn being a bad influence? I still think you should stay away from her.”

“But she's nice! At kompleto siya ng novels ni

Judith McNaught. You know how I love JM. Sinabi niyang pahihiramin niya ako ng collections niya.”

“Kung iyon lang ang inaalala mo, ibibili kita. I just don’t want you to get into trouble because of her.”

“But...”

“No more buts, Valerie. I don’t want to argue with you. Hingin mo sa akin ang lahat ng gusto mo at sisikapin kong ibigay iyon sa abot ng aking makakaya. Huwag ka lang lumapit kay Robyn.”

Sandali itong nag-isip. He saw the determination in her eyes when she glanced at him. “Can you bring Mom and Dad back?”

Daig pa niya ang sinuntok sa sikmura. The pain in her voice cut through his heart.

“Honey, you know it’s impossible. No one can bring them back,” malumanay niyang sabi. Napansin na niyang nanunubig ang mga mata nito.

Tumayo ang dalagita. “That’s my point, Uncle. You can’t give me everything that I want. No matter how hard you try.”

Hindi nagawang sumagot ni Dale. Hanggang sa makaakyat ang pamangkin sa silid nito ay nakaupo pa rin siya roon, nililimi ang sinabi nito.

Robyn wanted to squeal. Nakasama niyang kumain si Dale! Kahit pa hindi ito ang nag-imbata sa kanya, isang privilege pa rin ang makasama ang lalaking personification ng mga heroes na nababasa niya sa libro.

Dahil hindi na niya makontrol ang nag-uumapaw na excitement, tinawagan niya si Chelsea para ibalita rito ang nangyari.

“Totoo ba ang sinabi mo? Inihatid ka ni Sir Dale diyan sa bahay ninyo?” di-makapaniwalang bulalas ng kaibigan.

“Actually, hindi si Dale ang direktang nag-invite sa akin kundi 'yung pamangkin niya, si Valerie.”

“Ah, 'yung transferee.”

“Kilala mo siya?”

“Narinig ko lang na pinag-uusapan siya kanina sa canteen. Galing yata sa California. Inampon na ni Sir Dale kasi namatay sa aksidente ang parents niya.”

Hindi niya mapigilang makadama ng awa para sa dalagita.

“Ganoon ba? Kawawa pala siya.”

“Mayaman si Sir Dale. Hindi niya pababayaan si Valerie.”

“Hindi naman pera ang pinag-uusapan. Walang kayamanang kayang pumuno sa pagkawala ng mahal mo sa buhay,” pahayag niya.

Narinig niyang humagikgik ang kausap sa kabilang linya. Kung minsan, nagtataka rin siya kung bakit naging kaibigan niya si Chelsea. Wala yata kahit isang sensitive bone sa katawan nito.

“Hay naku! Palagay ko, gusto ka n’ung pamangkin ni Sir Dale. Samantalain mo na, Girl. Malay mo, the best way to Sir Dale’s heart is through his niece.”

Hindi man lang siya natuwa. Naglaho ang exuberance niya. Nagsisisi siya ngayong natawagan pa niya si Chelsea. Wala naman itong sinabing maganda.

Hindi si Robyn ang tipong manggagamit ng ibang tao para lang makuha ang gusto. Marami nang mapagsamantala sa mundo. Ayaw na niyang dagdagan.

Pero hindi iyon paniniwalaan ng kaibigan niya.

“Sige na, Chelsea, may tatapusin lang akong personal project. See you in school.” Ini-off na niya

ang cellphone kahit nagsasalita pa ito.

Humiga siya sa kama at sandaling ipinikit ang mga mata. Naalala niya ang mukha ni Valerie. Masaya ito kanina kaya hindi man lang siya naghinalang may mabigat itong dinadala. Obvious ang pagnanais nitong paluguran siya. And somehow, flattered siya sa ipinakitang pagkagiliw ng dalagita sa kanya.

Noon din ay nakagawa siya ng desisyon. She would look after Valerie, kahit pa malinaw na hindi siya gusto ng tiyuhin nito.

Bigla ay lumitaw rin ang mukha ni Dale na nanlilisik ang mga mata sa kanya. Ipinilig niya ang ulo para burahin ang kabang bigla na lang naramdaman.

Kinuha na lamang niya ang laptop, binuksan ang isang file at nagsimulang tumipa.

Kumakain siya mag-isa sa canteen isang araw nang makita niyang mag-isang pumasok si Valerie. Kinawayan niya ito.

“Halika, share na tayo sa table.”

Hindi na niya kailangang ulitin ang paanyaya.

“I’m supposed to meet my uncle for lunch. Nakita

mo ba siya?"

Umiling si Robyn. "Kanina pa ako dito. Ba't hindi ka pa um-order ng pagkain? P'wede naman siyang sumunod na lang. Kasya pa siya dito sa table."

Pandalawahan lang ang mesa. Pero kung darating si Dale, puwede siyang umalis para bigyan ito ng lugar kasama ang pamangkin. Puno na kasi lahat ng mesa sa canteen.

Sumulyap si Valerie sa counter. Nangunot ang noo niya nang bigla itong nagyuko ng ulo.

"I'll just wait for him na lang," anito.

Tumingin siya sa counter. Nakita niyang nakapila roon ang ilang miyembro ng cheerleading squad.

"Kilala mo sila?" tanong niya. Tumango ito. Kilala rin niya ang grupo. Mga followers iyon ni Violet, ang team captain ng *St. Theodore Cheerleading Squad*.

"Nabasa ko kasi 'yung announcement. They're auditioning for new cheerleaders. I wanted to join but they said I wasn't good enough, that they don't need babies inside the squad. Na kailangan ko munang kumawala sa pantalon ni Uncle Dale bago ako makasali sa squad nila. "

Naningkit ang mga mata niya.

“Sinabi nila iyon?”

Muli itong tumango.

“Do you really want to join the squad?” tanong niya. Valerie’s eyes lit up.

“Member ako ng cheering squad d’un sa dating school ko. I’m familiar with the routines.” Ngumiti siya. Tinanong niya kung kailan ang next audition. Hindi pa man ay excited na siya sa naglalarong idea sa kanyang isip. “Ang mabuti pa’y kumain ka na muna. Mamaya na natin pag-usapan ang gagawin natin para makasali ka sa cheering squad.”

Namilog ang mga mata nito.

“Tutulungan mo ako?”

“Only if you believe you can do it.”

“Of course!” she said with determination. Pero bigla ring lumaylay ang mga balikat nito. “Pero paano kung hindi pa rin sila pumayag?”

“Simple lang. If you can’t join them, form another squad,” she said with a grin.

Ngumiti na rin ang dalagita. Tumayo ito at taas-noong pumila sa counter. Kung kanina ay intimidated ito sa grupo ng cheerleaders na naupo sa table na

malapit sa counter now she stared at them with a smug grin on her face.

Ilang minuto pa ay nakita niyang pumasok na sa canteen si Dale. Nagsalubong kaagad ang mga kilay nito nang makitang magkasama sila ni Valerie. Nakita niya ang disgustong lumarawan sa mukha nito.

Ininguso niya kay Valerie ang tiyuhin nito. Nagpaalam na siya rito. Bago pa makalapit si Dale ay nakatayo na siya.

“What was that all about?” narinig pa niyang tanong nito sa pamangkin.

“Nothing,” she heard Valerie reply in a casual tone.

Nakagat niya ang ibabang labi para pigilang bumunghalit ng tawa.

3

Katatapos lang ng monthly faculty meeting nila. Nahuling lumabas ng conference room si Dale kasabay ang kaibigang si Seth. Kaklase niya ito noong high school.

“Kanina pa parang lumilipad ang isip mo,” puna nito. Inaya siya nitong kumain sa canteen.

“I’m just worried about Valerie.”

“Why? I heard she’s doing pretty good in class. Puring-puri siya ni Mrs. Lacson.”

“She’s smart, Seth. I’m not worried about her grades.”

“Ah, so hindi pa rin siya tuluyang nakaka-recover sa pagkamatay ng parents niya.”

“Actually, she’s quite... happy. I’ve never seen her smile so often. Ibang-iba siya sa dalagitang inuwi ko dito.”

Napakamot ito ng ulo. “Eh, ano’ng pinoproblema mo?”

“You know Robyn Teodoro? Kinaibigan siya ni

Valerie. And they're way too close."

"Oh." Seth took a bite of his sandwich. "What's wrong with Valerie and Robyn being friends?"

"Anong what's wrong? Alam mo ang reputasyon ng babaeng 'yun, di ba? Trouble is Robyn's middle name."

"But she's sweet! At wala pa akong nabalitaang estudyante na kusa niyang inilagay sa panganib."

Tama ito. Kahit gaano kadalas mang masangkot sa gulo si Robyn, mag-isa nitong inaako ang kasalanan.

"Alam mo, tingin ko nagkamali lang tayo ng pagkakakilala kay Robyn. Maybe she's not as bad as we all think she is. S'abi mo nga, positibo ang naging epekto ng presence niya kay Valerie. Why don't you just let them be?"

"I don't know. Hindi ako mapalagay."

"You're just overreacting. Give her a break, Dale. Lahat na lang ng masasakit na pintas, nasabi na yata sa kanya ng lahat ng teachers dito sa *St. Theodore*. Baka isang araw, magulat na lang tayo kapag isinampal niyang lahat sa atin ang maling akala natin sa pagkatao niya. Robyn could turn out more honorable than the rest of us combined."

Somehow, Seth's words sank deep. Baka nga mali lang sila ng pagkakakilala kay Robyn. Maybe Valerie saw the girl's redeeming qualities that people like him refused to see. Maybe he wasn't really looking hard enough.

Napatingin sa kanilang dalawa ni Valerie ang lahat ng mga estudyanteng nasa loob ng auditorium. Robyn looked at Valerie who smiled wickedly. Nilampasan nila ang senior members ng cheering squad na nakaupo sa isang mahabang mesa. Kasalukuyang nagaganap ang screening para sa mga bagong members ng squad.

“Hindi kayo puwedeng pumasok dito. Hindi n’yo ba nakita ang sign?” asik ni Violet, isang senior B.S. Psychology student na siya ring captain ng squad. Isa ito sa mga mahilig mam-bully sa ibang nakababatang estudyante.

“Oh, don’t mind us, Violet,” aniya. “Hindi namin kayo iistorbohin.”

“Ano’ng ginagawa n’yo dito, kung gayun?” mayabang pa ring tanong nito.

Nagkibit-balikat siya. “Oh, just some personal stuff. Malaki naman itong auditorium. Hindi kami

makakasagabal sa inyo, promise.” Itinaas pa niya ang kaliwang palad. Kumindat siya kay Valerie. Bumungisngis ito. Nasabi kasi niya rito na mayabang lang si Violet pero mahina ang utak. Ni hindi nga nito pinuna na maling kamay ang itinaas niya.

Hindi na niya hinintay na pumayag ang babae. Pumuwesto sila sa kabilang dulo ng auditorium, doon sa kung saan safe nitong magagawa ang routines nito.

Nasorpresa si Robyn nang ipakita sa kanya ng dalagita ang mga nalalaman nitong cheerdance moves. Ni hindi niya nakitang ginawa iyon ng squad nila. Ni wala sa kalingkingan ng galing ni Valerie ang skills ni Violet o ng kahit sinuman sa squad. Valerie was totally a pro! Isang malaking advantage din ang pagiging level six gymnast nito.

I wonder if Dale knows about this, aniya sa sarili. Napangiti siya nang maisip na wala itong muwang sa kalokohang ginagawa nila. It made her feel brutally happy.

“Ready ka na? Are you sure you want to do this?”

“Let’s show those bitches what *not good enough* really mean,” determinadong sabi nito.

Inilatag niya ang rubber mat sa sahig. Ilang estudyante sa audience ang na-curious sa ginagawa

nila. Bago magsimula ay gumawa muna ng ilang stretches si Valerie. Nang sumenyas ito sa kanya na handa na ito ay saka lang niya pinatugtog ang napili nitong kanta sa *iPhone*.

She did a few cartwheels at ilang ground somersaults. Pero nang magsimula na itong gumawa nang sunud-sunod na back handspring at backflips, doon na tuluyang nalipat sa dalagita ang pansin ng mga tao sa auditorium maging ng mga nasa screening committee. It was the combination of backflips and double layouts that had the crowd roaring.

Humihingal si Valerie pero masayang-masaya ito nang makitang pinapalakpakan ito ng mga tao.

“S’abi ko na nga ba’t wala kang matinong gagawin. You ruined everything!” Sinugod sila ni Violet kasama ang mga alipores nito.

“On the contrary, I think we’ve enlightened everyone.” Binalingan niya ang lahat ng naroon. Sa sulok ng kanyang mga mata ay nakita niyang nakatayo sa isang tabi si Coach Seth. Nakahalukipkip ito at nanonood lang sa kanila. “Ladies and gentlemen, what you just witnessed is Violet’s definition of *not good enough*. Gustong mag-audition ni Valerie sa squad, but these highly-skilled ladies here won’t even let her show her routine. So nag-decide kami

na bumuo na lang ng isa pang squad kung hindi rin lang matatanggap si Valerie sa grupo.”

“What? You can’t do that!”

“Yes, we can. Oh, at magandang idea rin na magkaroon ng matchup between your group and Valerie’s squad. That way, makikita talaga ng buong *St. Theodore* kung sino ang *not good enough*.”

Nag-chorus sa pagsang-ayon ang lahat ng naroon.

Pulang-pula ang mukha ni Violet dahil sa galit. Ang mga kakampi nito ay kinakitaan niya ng panic at pagkalito.

“Hindi namin alam na gustong sumali ni Valerie sa squad,” anang isang male cheerleader. “Violet never told us. Magaling siya. It’d be an honor to have her in our group. Mukhang marami siyang magagandang routines na mai-co-contribute.”

“Scott, hindi mo siya p’wedeng isali!” tutol ni Violet.

“Why not?”

Hindi ito nakasagot.

“Ang mabuti pa, para fair, pagbotohan na lang natin. Tatal nama’y narito lahat ng members.”

Sa buong pagkamangha ni Violet, umayon ang mga kagrupong nito sa mungkahi ni Scott. At nang magbotohan na'y pumanig kay Valerie ang halos lahat ng miyembro ng squad. Wala na ring nagawa ang grupo ni Violet.

“This is insane! Ayokong kasama sa squad ang bubwit na iyan!”

“Wala kang choice, Violet. Nagsalita na ang mga kasama mo,” ani Robyn na pinagkrus pa ang dalawang braso sa dibdib.

“Kung ganoo'y magre-resign na kami sa squad!”

Ikinagulat ng mga alipores nito ang sinabi ng dalaga.

“Violet, hindi kami mag-re-resign!” anang isa.

Nagkatinginan sila ni Valerie. Bakas ang satisfaction sa mukha ng dalagita.

“Yes, we will! Magre-resign tayo.”

“No!” chorus ng limang babae.

“Ikaw na lang ang umalis kung gusto mo. Tatal, hindi ka naman talaga magaling. You can't even do a full liberty,” anang isa nitong kasama na tumawid na sa grupong bumoto in favor of Valerie. May ilang

napahagikgik sa narinig.

“Sa tingin n’yo, makakaya ninyong ipanalo ang finals nang wala ako?”

Nagkatinginan ang grupo, ngumiti at pagkatapos ay sabay-sabay na sumagot. “Yes!”

Inakbayan ni Scott ang bagong miyembro ng cheerleading squad. “Especially now that we have Valerie. Hindi ba, guys?”

Naghiyawan ang iba. Pati ang audience ay sumigaw rin ng pagsang-ayon. Wala nang nagawa si Violet kundi ang mag-walk out. Nagdadabog itong lumabas ng auditorium habang binu-boo ng crowd.

Valerie glanced back at Robyn and murmured her thanks before joining her new group. Naiwan siyang nakatayo lang doon habang pinagmamasdan ang paglayo ng mga ito.

“Mukhang hindi magugustuhan ni Dale itong nangyaring ito,” ani Seth na tumabi sa kanya. Nilangon niya ito at nginitian.

“I know.”

Napahalakhak ito. “Magaling ang ginawa mo, Robyn. Congratulations!” bati nito.

She just shrugged her shoulders.

“Valerie’s brave enough to show me what she’s got. Kung wala siyang talent, ako mismo ang kukumbinsi sa kanya na huwag nang sumali. Pero nakita mo naman kung ano’ng kaya niyang gawin. I’m proud of her.”

Sang-ayon itong tumango.

“So, ano’ng balak mong gawin sa tiyuhin niya? Tiyak na kakausapin ka ng lalaking ’yun.”

“Sir Dale’s all bark and no bite. At alam mo kung ano’ng ginagawa ko sa lahat ng dumadakdak sa akin. Pasok sa isang tainga, labas sa kabila. Just as simple as that.”

Tumitig ito sa kanya at nakangiting umiling.

“You really are an exceptional woman, Robyn Teodoro.”

Malapad siyang ngumiti. Seth was a no-nonsense guy and she liked him.

But not deep enough to fall for him.

Nabigla siya sa bulong na iyon ng isang tinig sa kanyang isip.

“Uncle, nakapasok ako!”

Nagulat si Dale sa kasiglahan ng pamangkin nang isabay niya kinahapunan. Nasa loob sila ng kotse at iyon kaagad ang bungad nito sa kanya.

“Nakapasok saan?”

“Sa cheering squad. I’m officially a cheerleader for the *St. Theodore Cheerleading Squad*,” elated nitong sabi. “And all thanks to Robyn.”

Bigla niyang natapakan ang preno. Kung hindi ito naka-seat belt, baka nahalican nito nang wala sa oras ang dashboard.

“Uncle, mag-ingat ka naman,” reklamo ng dalagita.

“I’m sorry, Honey. Ano nga uli iyong sinabi mo?”

Umikot ang mga mata nito. Detalyadong ikinuwento ng pamangkin ang nangyari sa auditorium. He groaned. He could imagine how Robyn handled the whole situation peacefully, as how Valerie put it.

“Val, I told you—”

“You should have seen me, Uncle! Scott said I’m better than Violet. She resigned from the squad, by the way.”

Lihim siyang napamura. Isa pa si Violet sa mga problem students ng *STU*. Si Robyn nga lang yata ang hindi ilag dito.

“You never told me you wanted to join the squad. Ni hindi mo nga nabanggit sa akin na marunong kang mag-cheerdance,” aniya na muling pinaandar ang kotse.

“Akala ko’y alam mo na. Kasama ako sa cheerleading squad sa dating school ko. I also won second place in a district gymnastics competition. Hindi ba nasabi iyon ni Mommy?”

Umiling siya. Bihira lang silang mag-usap noon ng pinsan. Kapwa sila abala sa kani-kanyang buhay.

“Hindi ba masyadong delikado?”

“Sanay na ako, Uncle. I’m a flyer, ’yung ibinabato nila sa hangin.”

Lalo siyang kinabahan para sa pamangkin.

“Uncle...” Kumapit ito sa braso niya. “I’ll be okay. Hindi na ako bata. This is what I want. I’m happy with my new friends. Please, trust me.”

“I trust you, Valerie. Ayoko lang na masaktan ka, in any way.”

“I won’t. Kaya ko nang alagaan ang sarili ko. Besides, nangako si Robyn na susuportahan niya ako all the way.”

Hindi na lamang siya umimik dahil ayaw niyang sirain ang magandang mood ng pamangkin.

Vacant period ni Robyn at mag-isa siyang nagbabasa ng isang Nicholas Sparks bestseller habang nakaupo sa bench na nasa ilalim ng isang puno ng acacia. Nakapasak ang earphones at ang volume ng kanyang *iPhone* ay malapit na sa maximum level. Kung may magwawala nga sa harapan niya, hindi niya iyon maririnig.

Isang pares ng dark brown suede loafers ang tumapat sa kanya. Unti-unting tumaas ang kanyang paningin. Muntik na niyang mabitiwan ang hawak na pocketbook. Mabilis niyang ini-off ang *iPhone* at inalis ang earphones.

“Hindi ka ba natatakot na mabasagan ng eardrums? I can hear the noise from where I stand a minute ago.”

“It’s called music. And you’re exaggerating, *Sir!*” binigyang-diin niya ang huling salita. Kumunot ang noo nito.

Nakakunot din ang noo niya. Bakit siya lalapitan ni Dale gayong hindi naman niya ito professor? And then she remembered. Tungkol kay Valerie ang sadya nito sa kanya.

“Can I have a word with you in private?”

Lihim siyang napaungol.

“May gusto lang akong sabihin sa 'yo.”

“I have a class at one o'clock.”

“Okay lang. My last class ends at five. May klase ka pa ba sa oras na iyon?”

Umiling siya. “My last class ends at four.”

Pumalatak ito.

“But I can wait for your class to end. Mukhang importante ang gusto mong sabihin.”

He stared at her a second longer. Nakaramdam siya ng pagkaasiwa.

“Okay, p'wede mo ba akong puntahan sa Vales room? Sa may Pacifico Hall?”

“Sige.”

Muli ay tiningnan siya nito nang matiim. And she could not take it. Butterflies started to flutter inside

her stomach. His oozing sex appeal was maddening.

“May sasabihin ka pa ba, Sir?”

Naningkit ang mga mata nito. “No, wala na. Mamaya na lang tayo mag-usap.” Tumalikod na ito.

Noon lang pinakawalan ni Robyn ang hiningang kanina pa niya pinipigilan.